## Mga Babala Ukol sa "Fake" na Tangke ng LPG:

Karaniwan ang mga ito ay -

- May kahina-hinalang kamurahan ng presyo kumpara sa iba;
- May hindi permanenteng nakamarkang "brand name" sa tangke;
- May kahina-hinalang impormasyon sa pangalan ng may gawa ng produkto, petsa ng pagsusuri, "tare weight" sa kwelyo, selyo, at kung saan nagmula ang produkto;
- Walang marka ng PS o ICC;
- Mayroong malalim na hiwa, yupi, bukol at kalawang ang tangke.

## Mga Pag-iingat sa Paggamit ng Tangke ng LPG:

- Alamin ang mga babala sa paggamit ng tangke ng LPG at ipaalam ang mga ito sa kasama sa bahay.
- Ilagay ang tangke ng may lamang LPG sa lugar na nahahanginan.
- Ilagay ang tangke ng LPG malayo sa initan o sindihan ng apoy.
- Iwasang mataob ang tangke. Itabi ito ng nakatayo sa lahat ng oras.
- Huwag ihagis o paikutin kung iuusog o ililipat ang tangke.
- Huwag pakialaman ang "tank valve".
- Suriin ang "hose clamp", at "regulator" para sa posibleng singaw.
- Linisin lagi ang kalan at tingnan lagi ang kondisyon ng "hose" ng tangke.
- Ilayo ang tangke ng LPG sa mga bata.
- Huwag manigarilyo kung magpapalit ng tangke ng LPG.
- Huwag mangahas patayin ang sunog na dulot ng LPG. Humingi ng saklolo sa tamang ahensya upang madaling maapula ang apoy.

*Reference: Modyul Tungkol sa Standards (DTI and DEPED)*

DEPARTMENT OF ENERGY


Consumer Welfare and Promotion Office
Ground Floor, Annex Building
Energy Center, Fort Bonifacio, Taguig City
Hotline: (02) 840-2267
Trunkline: (02) 479-2900 loc. 329
www.doe.gov.ph


You may also text in your suggestions, comments, queries and complaints.

Just type DOE<space><message> and send to 2920

*for Globe and Smart subscribers

# TANGKE ng LPG:

## *L* igtas na *P* araan ng pag *G* amit

# MGA DAPAT MAKITA SA TANGKE NG LPG

## Mga permanenteng marka na nakaukit sa kwelyo o "collar" na naaayon sa pamantayan ng "Philippine National Standard": (PNS) 03-1:2000

1. Nakarehistrong pangalan ng may gawa ng produkto — EC-GAS
2. Pangalan at "address" ng nag-aangkat (kung imported ang tangke) — JKL
3. Tiyak na batayan o PNS na ginamit — PNS 03-1:2000
4. Petsa ng pagsusuri — February 2007
5. Kapal ng bakal na ginamit (sa mm.) — THK 2.7 m.m.
6. Kapasidad ng tubig sa litro. Bigat ng "tare" (tangke na walang LPG) sa kilogram — W.C. 24 Ltrs.
7. "Design pressure" o disenyo ng tangke na kaya ang pressure ng LPG sa MPa (Mega Pascal) — DESIGN 1.7 MPa
8. "Serial Number" o Code Number — S.N. 03 D
9. Markang PS (gawa sa Pilipinas) o ICC (gawa sa ibang bansa) — PS Mark
10. Bansa kung saan gawa ang tangke — Made in the Phil.

## Mga Bahagi ng Tangke ng LPG




## Mga Talahulugan

- LPG - Liquified Petroleum Gas
- BPS - Bureau of Product Standards; nangangasiwa at nagsasagawa ng masusing pagsusuri sa mga tangke ng LPG
- DOE - Department of Energy; ahensya ng pamahalaan na nangangasiwa ng enerhiya ng bansa
- DTI - Department of Trade and Industry; ahensya ng pamahalaan na nangangalaga sa kapakanan ng mamimili at negosyo
- Cylinder - tangke
- PS Mark—Philippine Standard mark - tatak na inilalagay sa mga produktong gawa sa Pilipinas na nakapasa sa mga pamantayan at masusing pagsusuri ng BPS
- ICC Mark - Import Commodity Clearance mark; tatak na inilalagay sa produktong galing sa ibang bansa na nakapasa sa masusing pagsusuri ng DTI-BPS
- Mega Pascal (MPa) - design pressure o disenyo ng tangke na kaya ang pressure ng LPG
- Regulator - ito ang nagkokontrol ng daloy ng gas galing sa tangke
- Tare weight - bigat ng tangke ng LPG na walang laman
- Sub-standard - may kulang o hindi sapat ang kalidad ng produkto

## Mga dapat tandaan sa pagbili ng tangke ng LPG:

- Bumili sa pinakamalapit na kilalang tindahan ng LPG.
- Humingi ng maayos na tangke ng LPG.
- Isumbong sa pinakamalapit na opisina ng DTI kung walang mga permanenteng "marking" na naaayon sa PNS 03-1:2000, makalawang, at hindi gumagana ng maayos ang tangke.
- Humingi ng resibo sa pinagbilhan.

*Reference: Modyul Tungkol sa Standards (DTI and DEPED)*